# Kataga ng Buhay

Nobyembre 2019

**"Makigalak kayo sa mga nagagalak,
makitangis sa mga tumatangis."**

**(Roma 12:15)**

Matapos ilarawan ni San Pablo sa mga Kristiyano sa Roma ang mga dakilang handog ng Diyos sa sangkatauhan - si Hesus at ang Banal na Espiritu, sinabi niya kung paano tumugon sa mga biyayang tinanggap, lalo't higit sa pakikitungo nila sa isa't-isa at sa lahat.

Hinikayat sila ni Pablo na mahalin hindi lamang ang mga kasamahan sa pananampalataya bagkus ay mahalin ang lahat ayon sa isinasaad sa Ebanghelyo. Sa mga taong may pananampalataya, walang hangganan ang pagmamahal at hindi maaaring para sa iilan lamang.

Isang magandang bagay: una sa lahat ay ang pakikibahagi sa kaligayahan ng kapwa. Sa katunayan, ayon kay San Juan Crisostomo, isa sa mga dakilang Ama ng Simbahan, dahil sa inggit, mas mahirap makibahagi sa kaligayahan ng iba kaysa sa mga suliranin nila.

Ito ay tulad ng pag-akyat sa isang matarik na bundok na hindi natin kayang abutin ang tuktok. Subalit ito'y makakayanan sapagkat ang mga mananampalataya ay inaalalayan ng pag-ibig ni Kristo, kung saan walang sinuman o anuman ang makapaghihiwalay sa atin sa Kanya (Roma 8:35).

**"Makigalak kayo sa mga nagagalak,
makitangis sa mga tumatangis."**

Sa pagninilay sa mga Katagang ito, sinabi ni Chiara Lubich:
"Upang makapagmahal sa Kristiyanong paraan, kailangan nating makiisa sa bawat kapwa - sikapin nating higit na makapasok sa kanilang puso; tunay na unawain ang kanilang problema at pangangailangan; makibahagi sa kanilang pagdurusa at kasiyahan. Ibig sabihin ay bumaba tayo sa antas ng ating kapwa, maging tulad nila, makiisa upang maging tulad nila. Ito ang Kristiyanismo. Si Hesus ay naging tao, naging tulad natin, upang gawin tayong tulad ng Diyos. Sa ganitong paraan, makakaramdam ang kapwa na sila ay nauunawaan at inaalalayan." [1]

[1] C. Lubich, Mutual *love: core of the spirituality of unity*
Meeting of Orthodox Christians, Castel Gandolfo, 30th March 1989

Inaanyayahan tayo ng Kataga ng Buhay na ilagay ang ating sarili "sa katayuan ng kapwa" bilang kongkretong pagpapahayag ng tunay na pagmamahal. Marahil, ang pagmamahal ng isang ina ang pinakamagandang halimbawa kung paano isabuhay itong Kataga ng Buhay. Batid ng isang ina kung paano makibahagi sa kasiyahan ng isang nagdiriwang na anak at lumuha kasama ng nakakaranas ng kabiguan, nang walang paghuhusga at maling palagay.

**"Makigalak kayo sa mga nagagalak,**
**makitangis sa mga tumatangis."**

May sekreto upang maisabuhay ang ganitong uri ng pagmamahal at maiwasan ang pagtuon ng pansin sa pansariling interes, pag-aalala at sariling mundo lamang. Kailangang palakasin natin ang ating ugnayan sa Diyos, Siya na natatanging bukal ng Pag-ibig. Kasabihan na ang pagyabong ng isang puno ay ayon sa lapad at lalim ng mga ugat nito. Gayundin sa atin. Kung araw-araw nating palalalimin ang ating ugnayan sa Diyos, mapapa-igting natin ang ating pagdamay sa kahirapan at pakikibahagi sa kasiyahan ng mga tao sa ating paligid. Mabubuksan ang ating puso upang pagsidlan ng lahat ng saloobin ng sinumang ating makakasama sa kasalukuyang sandali. Sa ganito ring paraan, ang ating pagmamahal sa kapwa ang tutulong sa atin upang mapalalim ang ating ugnayan sa Diyos.

Kung ganito tayo mabubuhay, makikita natin ang pagbabago sa ating paligid, unang-una sa ugnayan sa ating pamilya, paaralan, trabaho at pamayanan. Mararanasan natin na ang pag-ibig na malaya at buong-pusong ibinibigay, malao't madali, ay babalik at magiging tugunang pagmamahal.

Matindi itong naranasan ng dalawang pamilya, isa ay Kristiyano at isa ay Muslim. Madalas silang magbahaginan ng kani-kanilang problema at pangarap. Nang malubhang nagkasakit si Ben, madalas samahan sa ospital nina Tatiana at Paolo ang asawa niyang si Basma at ang dalawa nilang anak, hanggang sa huling sandali. Kahit na siya ay nagluluksa pa sa pagkamatay ng kanyang asawa, nakisama din si Basma sa kanyang mga Kristiyanong kaibigan para ipagdasal ang isa pang kaibigan na malubha ang sakit. Lumuhod siya sa kanyang banig-dalanginan, nakaharap sa direksyon ng Mecca, at nagdasal. Nasabi ni Basma: "ang nagpapasaya sa akin higit sa anumang bagay ay maramdamang bahagi ako ng isang samahan kung saan ang bawat isa ay taglay lamang sa kanyang puso ang kabutihan ng kapwa."

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com ・ Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 ・ Nagasaki: 095-849-3812